



Hulyo 2018

PRAYMER

Ang tumitinding pasakit ng rehimen

Humahagupit ang dagdag na pahirap sa naghihirap nang mamamayan sa ikalawang taon ng panunungkulan ni Presidente Duterte. Pangunahing lumatay ang pagpapatupad ng kanyang gobyerno ng pasaning buwis mula sa Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN) para lamang pondohan ang kanyang maka-dayuhan at maka-oligarkiyang grandyosong programa sa imprasktraktura, ang *Build, Build, Build* (BBB). Mahalaga ang TRAIN at BBB para sa gobyernong Duterte upang maipatupad at makompleto nito ang matitinding patakarang neoliberal sa ekonomiya na magbibigay ng higit na kapakinabangan sa dayuhan at naghaharing uri.

Lantaran ang pagiging anti-mahirap ng mga patakarang ito. Nariyang magmumula sa bulsa ng mahirap ang pondo para sa programang magsisilbi lamang sa interes ng mayayaman at malalaking negosyo. Nariyang magbabayad ng buwis ang walang kakayahan sa pamamagitan ng tumataas na mga presyo ng bilihin habang pinapatay ang kanilang kahilingan sa nakabubuhay na sahod. Lantaran ang karahasan ng mga patakaran sa buhay at kabuhayan kung kaya't nangangailangan ng walang-malasakit at awtokratikong pagpapatupad, na siyang naging estilo ni Duterte.

Astang-siga at tapang-tapangan pero laban lamang sa mga ordinaryong mamamayan, hindi sa dayuhang nandarambong at nananakop o sa burges-komprador at panginoong maylupa na lumalago ang kayamanan. Pumapatol sa mahihinang sektor ng mamamayan subalit nangangayupapa sa malalakas na kapitalistang bansa. Pinapatalsik ang mga kalaban sa politika, tuloy-tuloy na binabastos ang kababaihan at ipinapalaganap ang patriyarkal na kultura, tinutugis at minumura ang simbahan, at walang-habas na nilalapastangan ang mga karapatang pantao. Naisagawa at nasustini ni Duterte ang estilong ito sa pamamagitan ng pagpapalawak ng kapangyarihan ng mga kapulisan at militar, pagpapatingkad ng mga katangian ng awtoritaryanismo, at pagsasayang sa inaabot ng mga usapang pangkapayapaan.

Sa dalawang taon ni Duterte sa poder, ang pag-asang magdadala siya ng makabuluhang pagbabago sa kalagayan ng mamamayan ay tuloy nang naglalaho. Inilalagay rin nito sa bingit ng alanganin ang tuluyan pa lang sanang demokrasya sa bansa. Positibong pinapatampok ng kalagayan ang kagyat na pangangailangan upang itulak ang mga makabuluhang repormang pang-ekonomiya at panlipunan na mismong ang nagdarahop na mamamayan ang makapagtutulak.

1 Ano-ano ang mga naging tampok na usapin sa lumalalang kahirapan ng mamamayan?

Naramdaman ng mamamayan ang tuloy-tuloy na pagsirit ng presyo ng mga bilingin sa pagpasok ng taong 2018. Pumalo nang 4.6% ang *inflation rate* (o ang pangkalahatang tantos ng pagtaas ng presyo ng mga bilingin) nitong Mayo. Ito na ang pinakamataas na inflation rate sa loob ng pitong taon. Ayon sa National Economic and Development Authority (NEDA), itinulak ito ng pagtaas ng presyo ng isda at ibang *seafood*, langis para sa personal na sasakyan, bigas, mais, at tinapay. Mabilis ang inflation sa alak, sigarilyo, ibang inumin, transportasyon, at restoran at iba pang serbisyo. Matarik din ang pagtaas ng presyo ng mga gulay, prutas, at karne.

Ang pinakamalakas na hambalos ng implasyon ay sa mahihirap dahil napakababa at hindi nakabubuhay ang kanilang sahod at kita at lalong mapipilitan silang magbawas at magtipid ng mga konsumo. Dumausdos ang kakayahang bumili ng kakarampot na nilang kita.

Ang tunay na halaga ng piso ay 86 sentimo na lamang, subalit may pagpapaganda pang naganap sa datos na ito dahil iniurong ng Philippine Statistics Authority (PSA) ang batayang taong pinaghahambingan mula 2006 tungong 2012. Kahit pa tumaas ang Php512 sahod sa National Capital Region (NCR) nang Php21 noong Oktubre 2017, ang tunay na halaga nito ay Php447.94 na lamang nitong Mayo. Ang *average daily basic pay* (ADBP) na Php412.92, o ang humigit-kumulang na aktwal na *take-home pay* ng mga manggagawa ay dumausdos sa Php277.87 sa tunay na halaga.

Ang minimum na sahod sa NCR ang pinakamataas na sa bansa at kapos pa rin ito nang 56% sa tinataya ng IBON na Php1,169 *family living wage* (FLW) kada araw, o ang halagang kailangan ng isang pamilyang may anim na myembro para matugunan ang kanilang mga pangangailangan. Kapos din ito nang 47% sa tinatayang Php974 na FLW ng isang pamilyang may limang myembro.

Naging kontrobersyal ang pagpipilit ng gobyernong Duterte at ng kanyang *economic managers* ng napakababang pamantayang itinatakda nito para masabing mahirap ang isang tao – Php60.43 kada araw lamang ang *poverty*

threshold sa bansa. Nangangahulugan na ang kinikilala lamang ng gobyerno na mahirap ay yaong nagsusumikap mabuhay sa ganitong halaga sa kada araw. Gayunman, mayroon pa ring 21.9 milyong Pilipino ang nabubuhay nang ganito. Masasabing sila ay nasa matinding kahirapan.

Nagresulta ang ganitong napakababang pagtaya ng kahirapan ng pamahalaan sa mga di-akmang hakbang para tunay na solusyonan at wakasan ang malawak na kahirapan sa bansa. Ilang taon mula nang simulan ang Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps), hindi pa rin nakakatawid mula sa kahirapan patungo sa mas disenteng pamumuhay ang mayorya. Kung hindi matamang papangalanan ang problema, hindi rin matamang makakapaghain ng mga pangmatagalang solusyon.

Iginigiit ng IBON ang paggamit ng mas realistikong poverty threshold nang sa gayon ay magkaroon ang pamahalaan ng mas realistikong programa sa kahirapan. Kung gagamitin ang Php125 kada araw na pamantayan, na humigit-kumulang ay katanggap-tanggap sa internasyonal na pamantayan lalabas na 66 milyong Pilipino ang mahirap.

Kinumpirma ito mismo ni NEDA Secretary Ernesto Pernia nang sabihin niyang kailangan ng Php42,000 kada buwan o Php1,400 kada araw ng isang pamilyang may limang myembro para mabuhay nang disente. Ayon sa 2015 Family Income and Expenditures Survey (FIES) ng PSA, 20 milyong pamilya o 88% ng kabuuang bilang ng pamilyang Pilipino ang hindi umaabot ang buwanang kita sa Php42,000. Pero mabilis ding sinabi ni Pernia na hindi ito nangangahulugan na dapat taasan ang minimum na sahod sa bansa dahil magdudulot ito ng higit pang pagtaas sa presyo.

Iginigiit ngayon ng mga organisadong manggagawa ang substansyal na pagtaas ng sahod at pagkakaroon ng pambansang minimum na sahod. Sekundaryo sa usaping ito ang paghahabol ng sahod sa implasyon. Ang pangunahing usapin ay ang pagkakaroon ng antas ng disente at nakabubuhay na sahod, pagbuwag sa prinsipyo ng desentralisadong pagtukoy ng *regional wage boards* ng maraming 'minimum na sahod', at ang pagbabawal ng tanggalan at *downsizing*. Ang pakikibakang ito ay nakatumbok sa pagwawakas sa patakarang pambabarat sa lakas-paggawa.

Subalit nagkoro ang economic managers at mga negosyante sa pagsupil sa pakikibakang ito. Lalo lang daw tataas ang presyo, malulugi ang mga empresa, at mawawasak ang ekonomiya. Gayunman, ipinapakita ng huling 2015 datos na kapag tinaasan ang Php378.71 ADBP ng mga manggagawa sa Php750, mababawasan lamang nang 29% ang tubo ng mga kompanya. Kung sa malalaking empresa ito na may 200 manggagawa at higit pa, 18% lamang ang kabawasan sa kanilang kabuuang tubo. Ipinapakita rin ng datos na ang produktibidad ng mga manggagawa ay umabot na nang Php1,317.52 kada araw samantalang ang kanilang ADBP sa parehong panahon ay 29% lamang ng halagang ito. Samakatuwid, makatarungan at posible ang pagpapatupad ng Php750 pambansang minimum na sahod. Ang totoo, kumontra ang gobyernong Duterte dahil wawasakin ng pakikibaka para sa mataas na sahod ang kanyang Dutertenomics – ang pagpapatuloy ng mga patakarang neoliberal na nakasentro sa pang-aakit ng dayuhang pamumuhunan na nakatuntong sa murang lakas-paggawa.

2 Ano ang direktang responsibilidad ng gobyernong Duterte sa pagtaas ng presyo ng bilihin?

Idinadahilan ng pamahalaan ang paggalaw ng presyo ng langis sa pandaigdigang pamilihan at ang paghina ng piso kontra dolyar sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin na nagpalala sa kondisyon ng kahirapan. Ibinabaling ang mamamayan sa mga salik na walang kontrol ang gobyernong Duterte nang sa gayon ay hindi maidiin ang TRAIN, BBB, at pagpapatindi ng mga patakarang neoliberal. Subalit may kontrol ang gobyerno sa tumataas na presyo ng mga bilihin laluna sa mga produktong petrolyo dahil sa ipinataw niyang TRAIN, kaya't tumatampok na siya ay may direktang responsibilidad sa pinakamataas na inflation sa loob ng mahabang panahon.

Totoong tumataas ang presyo ng krudo sa pandaigdigang pamilihan simula pa noong 2016. Umabot ito sa US\$70 kada *barrel* nitong Mayo na pinakamataas sa loob ng apat na taon. Ang Mean of Platts Singapore (MOPS) kung saan ibinabatay ng Department of Energy (DOE) ang kanyang presyo ay may netong pagtaas na US\$14.16 kada barrel ng gasolina at US\$11.12 naman sa kada barrel ng diesel mula Enero hanggang ikalawang linggo ng Hunyo.

Sunod-sunod na linggong nagtaasan ang presyo ng mga produktong petrolyo sa Pilipinas. Ayon sa datos ng DOE, sa nakalipas na anim na buwan, tumaas nang 18 beses ang presyo ng gasolina, diesel at kerosene habang apat na beses naman ang pagtaas ng presyo ng liquified petroleum gas (LPG). Samantala, gumalaw lamang pababa ang presyo ng gasolina at kerosene nang pitong beses, walong beses para sa diesel, at dalawang beses ang LPG. Ang neto ay pagtaas ng presyo nang Php7.85 kada litro ng gasolina, Php7.25 kada litro ng diesel, at Php9 kada litro ng kerosene.

Hindi pa kasama ryan ang TRAIN na may pataw na Php2.80 kada litro sa diesel, Php7.84 kada litro sa gasolina, at Php3.36 kada litro sa kerosene nitong 2018. Dito tumatampok ang kawalan ng malasakit at direktang responsibilidad ng gobyernong Duterte sa pagpapahirap sa naghihirap nang mamamayan. Kung hindi man niya kayang kontrolin ang pandaigdigang ekonomiya, kaya niyang kontrolin ang pagpataw ng buwis. Subalit ipinaggigiitan pa rin niya ang TRAIN – ang *excise tax* at *value-added tax* (VAT) – sa napakahalagang kalakal katulad ng langis.

Magpataw ang TRAIN ng buwis sa produktong petrolyo mula 2018 hanggang 2020. Pagsapit ng 2020, permanente nang nagdagdag ang gobyernong Duterte ng Php6.72 kada litro sa presyo ng diesel, Php5.60 kada litro sa presyo ng kerosene, at Php6.33 kada litro sa presyo ng gasolina. Ang presyo ng LPG ay tataas nang Php3.36 kada kilo sa 2020.

Ang diesel ang pinakamahalagang bahagi ng konsumo ng bansa – 41.3% ito ng demand noong in 2017, habang ang gasolina ay 23.5%, LPG 11.2%, at kerosene, 10.3 porsyento. Mahalaga ang diesel sa pampublikong transportasyon, paghahatid ng mga kalakal, sa agrikultura at industriya, at maski sa kuryente sa kanayunan sa mga kabahayang panaka-naka ang kuryente o hindi nakakabit sa *grid*. Sa mahabang panahon walang excise ang diesel dahil sa tindi ng epekto nito sa implasyon at pagtaas ng pamasaha. Makasaysayan kung gayon ang pahirap na pagpataw ng gobyernong Duterte ng TRAIN sa diesel.

Ang LPG at kerosene ay mahalaga sa pagluluto. Ginagamit rin ang kerosene para magkailaw ang kabahayang walang koneksyon sa kuryente. Laganap ito sa mga probinsya pero makikita rin sa ilang mga komunidad sa mga sentrong

lungsod. Kaya't kahit ano pang pagmamaliit ng mga economic managers ni Duterte sa epekto ng TRAIN sa pagtaas ng mga presyo ng mga bilihin, hindi maitatagong responsable ang pamahalaan sa pagpapabigat ng pasanin ng mamamayan.

Totoo ring humina ang piso laban sa dolyar. Nagsimula ang paghina ng piso noong 2013 at tuloy-tuloy nang bumagsak ang halaga nito mula Php42.45 patungong Php52.19 nitong Mayo.

Ang kagyat na implikasyon nito ay bumaba ang suplay ng dolyar ng bansa para sa kanyang mga transaksyon. Tumaas nang 22.2% ang import noong Abril 2018 at sa kabilang banda ay bumaba nang 8.5% ang kita sa eksport. Ang depisito sa kalakalan ay isang kronikong kalagayan, subalit kapansin-pansin na tumakaw sa importasyon ang ekonomiya sa ilalim ng gobyernong Duterte dahil sa kanyang programa sa imprastraktura.

Noong Abril 2017, bumagsak ang importasyon ng elektroniks na kadalasan ay bulto ng kalakalan ng bansa, samantalang lumaki nang 3,554.8% ang importasyon ng *metalliferous ores and metal scrap* at nang 27.8% ang importasyon ng *iron at steel*. Muling lumaki ang importasyon ng elektroniks noong Abril 2018, pero mas malaki ang inilobo ng *miscellaneous manufactured articles and plastics*, at kasama ang imported na mga kagamitan sa transportasyon, langis at *lubricants*, makinaryang industriyal at kagamitan, at iron and steel, binubuo nila ang 63.4% na paglaki ng importasyon ng bansa. Samakatuwid, mismong ang BBB ng gobyernong Duterte ang isa sa direktang responsable sa pagpapalaki ng bayarin sa dolyar.

Responsable rin ang administrasyong Duterte sa patuloy na pagsandig sa ekonomiya na pinapagana ng dolyar at hindi ng lokal na produksyon. Mula sa US\$83.2 bilyong reserbang dolyar noong 2013 na sapat para sa 11.6 buwang import, bumaba ito noong Mayo 2018 sa US\$79.2 bilyon na sapat na lamang sa halaga ng 7.6 buwan na import ng bansa.

Ang pinaka-inaasahang *cash remittances* ng *overseas Filipino workers* (OFW) ay bumabagal na ang paglago. Sa preliminaryong datos ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) para sa mga buwan ng Enero hanggang Abril ngayong

taon, nasa US\$9.4 bilyon ang kabuuang cash remittances ng mga OFWs. Ang paglago nitong 3.5% para sa nasabing panahon ay ang pinakamabagal na paglago ng cash remittances para sa parehong buwan mula ng pandaigdigang krisis noong 2009.

Mahalagang banggitin na maski ang pagtuturo ng economic managers sa presyo ng langis at palitan ng piso sa dolyar bilang dahilan ng pagtaas ng implasyon ay babalik rin sa kanila bilang usapin ng mga neoliberal na patakaran na patuloy na ipinatupad at nagpapahirap sa mamamayan.

Dulot ng patakaran ng deregulasyon ang hindi maawat na pagtaas ng presyo ng langis sa Pilipinas. Mula nang ipinatupad noong 1998 ang neoliberal na batas na Downstream Oil Industry Deregulation Act, nawalan na ng papel ang gobyerno sa pagtatakda ng presyo ng langis sa lokal na merkado. Sa ilalim nito, pinahintulutan ang mga kompanya ng langis na awtomatikong itaas ang mga presyo nito nang walang regulasyon ng gobyerno. Tinanggal din ang anumang subsidiyo ng pamahalaan sa produktong petrolyo.

Idinikta ng mga monopolyo sa industriya ang presyo ng produktong petrolyo. May mga pagkakataon pa noong mga nakaraang taon na mas mataas ang dagdag presyo sa langis sa lokal na merkado kumpara sa naging galaw nito sa pandaigdigang pamilihan. Naging monitoring na lamang ang papel ng DOE pagdating sa usapin ng presyo ng langis. Hinayaan nitong pagharian ng monopolyo ang batayang industriya. Pinalala ng gobyernong Duterte ang epekto ng patakaran ng deregulasyon sa pakikisawsaw pa sa supertubo ng mga monopolyo sa langis sa pamamagitan ng pangongolekta ng TRAIN.

Gayundin sa idinadahilang paghina ng piso. Ang oryentasyon ng ekonomiya na nakaasa sa import at nakatuon sa eksport ay nagpapalala sa atrasadong kalagayan nito. Ang bulto ng importasyon ay siya ring bulto ng eksport, na nagpapatunay na nagsisilbing mistulang lokasyon lang ang bansa para sa dayuhan at lokal na manupaktura para sa pandaigdigang pamilihan. Bukod rito, pang-akit din sa mamumuhunanan ang murang lakas-paggawa. Ang ganitong oryentasyon ang nagpahina ng lokal na kapital at produksyon. Ito ang nagsadlak sa bansa sa pagka-atrasado, at sa anakpawis sa kahirapan.

Patuloy na umaasa ang gobyernong Duterte sa FDI, OFW cash remittances, utang, at iba pang mapagkukunan ng dolyar at pamumuhunan. Lalala pa ito sa kanyang pagkukumahog na maipatupad ang BBB.

Sa huli, direktang responsibilidad ng gobyernong Duterte ang pagpataw ng regresibong buwis sa naghihikahos na mamamayan.

Sisingilin ng pamahalaan ng parehong buwis kada litro ang isang magsasakang kumikita ng nasa Php5,000 kada buwan at ang isang *chief executive officer* (CEO) ng isang kumpanya na ang buwanang kita ay nasa humigit-kumulang kalahating milyong piso. Kung tutuusin, hindi iindahin ng pinakamayayaman ang pagtaas ng buwis sa langis at iba pang dagdag na *indirect taxes* (hal. sa konsumo) dahil sa ilalim din ng TRAIN ay gaganansya sila sa pagpapababa ng *direct taxes* (hal. kita at yaman.)

Di hamak na mas lugi sa TRAIN ang mga prodyuser ng bansa gaya ng mga magsasaka at mga mangingisda na mga konsyumer din naman. Sa isang pag-aaral ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP), ang isang ektarya ng palayan na ginagamitan ng *hand tractor* at *deep well pump* para sa irigasyon ay nangagailangan ng 600 litrong diesel sa kada isang anihan. Hindi pa kasali ang dagdag presyo sa diesel, patataasin ng TRAIN nang Php1,680 ang gastos sa produksyon ng mga magsasaka sa bawat anihan sa taong ito.

Sa isang *case study* na isinagawa ng PAMALAKAYA o ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya ng Pilipinas, kumokonsumo ng 5 litrong diesel sa kada palaot ang isang mangingisda sa Navotas. Pangkaraniwan, basta't maganda ang panahon, 20 beses silang nakakapagpalaot sa isang buwan. Dahil sa TRAIN, may dagdag gastos silang Php14 kada araw o Php280 kada buwan na malaking bawas sa kita ng isang mangingisda na isa sa pinakamahihirap sa sektor ng produksyon.

Kung gagamitin ang datos ng DOE sa presyo ng diesel para sa buwan ng Hunyo 2017 at 2018, tumaas ito nang Php14.15 hanggang Php15.94 piso. Kaya't sa kada araw na palaot noong nakaraang buwan ng isang mangingisda, nadagdagan nang mula Php70.75-79.70 ang kanyang gastos kumpara sa parehong panahon noong nakaraang taon.

Ang dagdag na halagang naiuwi naman ng mga *middle class* kada buwan dahil sa pagbabago ng sinisingil na *personal income tax* (PIT) ay napunta lamang sa dagdag gastos dahil sa pagtaas ng presyo ng langis at iba pang mga pangunahing bilihin.

Ngunit hindi pinakikinggan at isinasantabi ng pamahalaan ang mga panawagan para ihinto at alisin ang mga kontra-mahirap at pahirap na mga probisyon ng TRAIN. Ibinabandila nila ang pansamantalang *unconditional cash transfer* (UCT) at Pantawid Pasada na sasalba diumano sa pinakamahihirap mula sa epekto ng TRAIN. Sampung milyong pinakamahihirap na pamilya ang target na mabigyan ng UCT. Bibigyan ng Php200 kada buwan sa taong ito ang bawat pamilyang benepisyaryo at Php300 kada buwan naman sa 2019 at 2020.

Pero tatlong buwan na ang nakalipas mula nang magtaasan ang mga presyo ng mga bilihin, Marso na nang naipamahagi ang UCT para sa 4.4 na milyong pamilyang dati nang tumatanggap ng *conditional cash transfer* (CCT) sa ilalim ng 4Ps at 3 milyong *senior citizens*. Ang nalalabing 2.6 milyong pamilya naman na kukumpleto sa 10 milyong pinakamahihirap na pamilyang target na mabigyan ng UCT ay sa Agosto pa makakatanggap ng ayudang ito. Pero kung titingnan, mas mababa pa sa sampung milyong pamilya ang mabibigyan ng *doleout* ng pamahalaan dahil ayon sa Department of Social Welfare and Development (DSWD), ang mga senior citizen na benepisyaryo nito ay maaaring myembro rin ng pamilyang may 4Ps na bahagi rin ng target ng UCT.

Hanggang ngayon ay inaayos pa lang ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) ang pamamahagi ng Pantawid Pasada sa mga drayber ng mga pampublikong sasakyan. Makakatanggap daw ng Php5,000 para sa anim na buwan o katumbas ng Php833.33 sa kada araw ang bawat kwalipikadong drayber ng jeepney. Mga Php977 milyon ang kabuuang badyet para sa Pantawid Pasada.

Tatlong taon lamang ang UCT pero ang epekto ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin ay permanente, lalo pa't tataas pa sa susunod na dalawang taon ang presyo ng langis. Pero higit sa usapin ng magkano ang ibibigay na subsidyo, gaano ito katagal at ilan ang target na pamahagian, ang ubod ng usapin sa TRAIN ay ang regresibong karakter nito. Kumukuha ito ng buwis sa bulsa ng mga mamamayan hindi batay sa laki ng kinikita niya at kakayahang magbayad

kundi sa pamamagitan ng mga bago at dagdag na buwis sa mga produkto at serbisyong karaniwang kinokonsumo ng mga mamamayan.

Hindi tinatanggap ng gobyernong Duterte ang tuwirang responsibilidad nito sa nabubuong ligalig ng pagtaas ng presyo dulot ng kanyang buwis.

3 Ano ang tunay na kalagayan ng ekonomiya?

Lumago ang ekonomiya nang 6.8% sa unang kwarto ng taon kumpara sa parehong panahon noong 2017. Ito na ang ikatlong taon na mas mataas sa 6% ang naitalang paglago ng ekonomiya at mas mataas ito kumpara sa 6.5% na paglago ng gross domestic product (GDP) noong unang bahagi ng 2017. Ayon sa NEDA, nananatiling isa sa magagandang ekonomiya sa rehiyon ang Pilipinas. Ang paglagong ito ng GDP ay pangalawa sa 7.4% na paglago ng GDP ng Vietnam at kapantay naman ng sa China.

Subalit ito ay itinulak lamang ng paglago ng pampublikong konstruksyon na lumago nang mataas na 25.1% at ng gastos ng pamahalaan na tumaas nang 13.1 porsyento. Mararamdaman ito sa imprastruktura at pagtaas ng sahod ng mga pulis.

Ang pinakamalaki pa ring pinagmulan ng paglago ay ang sektor ng serbisyo. Nag-ambag ito ng 58.4% sa paglago ng GDP at nagtala ng 7% paglago. Mahigit kalahati pa rin ito ng GDP sa 56.8 porsyento.

Mabuway ang ganitong uri ng paglago na nakaasa sa serbisyo at walang matibay na sinasandigang sektor ng produksyon. Bumagal ang paglago ng agrikultura mula sa 4.9% na nairehistrong paglago noong unang kwarto ng 2017 tungong 1.5% sa parehong panahon ng 2018. Pinakamababa sa kasaysayan ang 8.6% bahagi nito sa GDP.

Bahagyang lumago ang sektor ng manupaktura na kalakhan ay dulot ng produksyon ng eksport at dominado ng dayuhan. Mula sa 7.7% na paglago noong 2017 ay tumaas ito sa 8% pero nananatiling 24.9% lang ng GDP.

Ang ganitong padron ng di-sustenableng pinagmumulan ng paglago ng ekonomiya ay resulta ng apat na dekadang pagtutulak ng neoliberalismo sa bansa. Patuloy na sumasandig ang gobyernong Duterte sa mga mabuway na salik na mga ito. Nakaasa pa rin bilang panghalili sa kawalan ng matibay na lokal na produksyon at industriya ang pamahalaan sa mga remittances ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat, *business process outsourcing* (BPO), at produksyong nakatuon sa pag-eeksport, sa halip na mamuhunan sa pagpapaunlad ng lokal na ekonomiya para sa sariling pag-unlad. Lutang ang mga ito sa lokal na produksyon at dinodomina ng dayuhang kapital.

Subalit maski ang mga ito ay unti-unting gumuguho. Tulad ng nabanggit, bumabagal ang paglago ng OFW remittances. Bumagsak din nang 58.6% sa unang apat na buwan ng 2018 ang mga *investment pledges* sa *export zones* sa bansa kung saan nakarehistro rin ang mga BPOs. Maging ang pamumuhunan sa serbisyo sa *information technology* (IT) na nakarehistro sa Philippine Economic Zone Authority (PEZA) ay bumagsak nang 52.1% sa Php1.9 bilyon nitong unang kwarto ng taon mula sa Php3.9 bilyon noong nakaraang taon. Nagsara ang taong 2017 ng may 8.9% lamang na paglago sa mga aprubadong pamumuhunan sa PEZA, kung saan ang pamumuhunan sa serbisyo sa IT na Php14.5 bilyon ay ang pinakamababa sa kasaysayan ng PEZA.

Tantya ng Information Technology and Business Process Association of the Philippines (IBPAP) na babagal ang paglago ng industriya ng BPO sa 9% hanggang 2022. Dati itong lumago nang 45% noong 2006, 19% na lang noong 2014, at bumagal pa nang taunang abereyds na 17% sa nakaraang anim na taon.

Hindi nakalilikha ng makabuluhan at regular na trabaho ang ganitong ampaw na paglago. Ang Pilipinas ang may pinakamataas na tantos ng walang trabaho sa buong ASEAN. Ayon sa resulta ng Labor Force Survey (LFS) na isinagawa ng PSA, bahagyang lumaki ang bilang ng mga Pilipinong may hanapbuhay nang 625,000 nitong Abril 2018, pambawi lang sa pagbagsak ng bilang ng may trabaho noong nakaraang taon. Tumaas ang bilang ng walang trabaho nang 82,000 sa sumang 4.13 milyong walang trabaho. Nanatiling nasa 9.1% ang tantos ng wala o kulang ang trabaho.

Ito ay sa pagtantya ng IBON dahil hindi isinasama ng gobyerno sa datos ng walang trabaho ang mga tinaguriang “*discouraged workers*” o yaong tinanggal sa pwersa ng paggawa matapos silang tumigil maghanap ng trabaho sa nakalipas na anim na buwan.

Pinakamalaki ang nawalan ng trabaho sa sektor ng agrikultura. Mula 10.5 milyong may trabaho noong Abril 2017, nawalan ito ng 723,000 trabaho patungong 9.8 milyon noong Abril ng taong kasalukuyan. Ang sektor ng agrikultura ang ikalawang pinakamalaking pinagmumulan ng trabaho sa bansa ngunit binubuliglig ito ng pagkabawas ng trabaho sa loob ng limang taon na. Ang sabsektor ng agrikultura na pangingsda ay nawalan ng 134,000 na trabaho.

Ang bilang naman ng mga naghahanap ng dagdag na trabaho o *underemployed* ay nadagdagan ng 466,000 tungong 6.9 milyon noong Abril 2018 mula 6.5 milyon noong Abril ng nakaraang taon. Halos kalahati ng mga underemployed o 47.1% ay nasa sektor ng serbisyo, 32.4% ay nasa agrikultura, at ang 20.5% ay nasa sektor ng industriya.

Kabilang sa underemployed, tumaas nang 758,000 patungong 3.2 milyon sa parehong panahon ang mga nagtrabaho ng 40 oras pataas sa loob ng isang linggo. Ang mataas na bilang ng mga naghahanap pa ng dagdag na trabaho sa kabila ng pagtrabaho ng 40 oras mahigit ay indikasyon na kulang pa rin ang kita ng mga mangagawang ito para maitawid ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan.

Sa kawalan ng hanapbuhay, tuloy na tumataas ang paglisan ng mga migranteng manggagawa patungong ibang bansa. Ayon sa preliminaryong datos mula sa Philippine Overseas and Employment Agency (POEA) halos aabot sa dalawang milyong Pilipino ang umalis nitong 2017 lamang para magtrabaho sa ibang bansa. Ibig sabihin may 5,460 Pilipino ang nangingibang-bayan araw-araw noong 2017.

Itinutulak din ng gobyerno ang *exodus* ng mga manggagawa dahil binubuhay ng mga padala ng mga manggagawang Pilipino sa ibayong dagat ang lokal na konsumo at nakakapag-ambag sa reserbang dolyar ng ekonomiya. Pero sa nangyaring sigalot sa pagitan ng gobyerno ng Pilipinas at Kuwait na

nagresulta sa pagpapauwi ng mahigit 5,000 manggagawang Pilipino, lalong tumingkad ang kawalan ng kakayahan ng ekonomiyang saluhin ang mga OFW kung sakaling biglaan silang umuwi ng bansa.

Ang krisis sa trabaho ang siyang ginagawang sangkalan ng gobyernong Duterte upang panatiliing mababa ang sahod. Ito rin ang paborableng kondisyon upang maipatupad pa ang kanyang programa sa ekonomiya, lalo na ang BBB na diumano ay lilikha ng maraming trabaho subalit magpapanatili lamang ng mga kondisyon ng krisis sa trabaho.

4 Paano lalala ang kalagayan sa Build, Build, Build? Sino ang makikinabang?

Ipinagmamalaki ni Duterte na ang kanyang administrasyon ang maghahatid ng “*golden age of infrastructure*” sa bansa. Maghahatid diumano ito ng pag-unlad sa bansa at makakaambag sa pag-abot ng bansa bilang “*upper-middle country*”. Ala-Marcos ang tugtugin, ito diumano ang magiging legasiya ni Duterte.

Magtatayo ang gobyerno ng mga grandyosong *railways*, *highways* at mga paliparan. Nakakamangha pero hindi nito mapagtataktan ang katotohanan na ang mga prayoridad na imprastruktura ng administrasyon ay hindi mga imprastrukturang kailangan ng mga mamamayan. Hindi mga pasilidad para sa agrikultura gaya ng irigasyon, *farm-to-market roads*, pasilidad para sa post-harvest, o mga imprastruktura para sa serbisyong panlipunan gaya ng mga ospital, paaralan, at ligtas, abot-kaya at aksesibleng pang-masang transportasyon. Kalakhan din ng mga proyekto ay nakakonsentra sa NCR, gitna at timog Luzon na sentro ng komersyo at negosyo, samantalang napakaliit ng pondong mapupunta sa pinakamahihirap na mga rehiyon.

Sa ubod ng BBB ni Duterte, ang nais nitong gawin ay ibukas ang pagpapaunlad ng imprastruktura ng bansa sa interes at kapakinabangan ng lokal at dayuhang negosyo. Masayang masaya dito ang oligarikiya sa lokal na ekonomiya at mga transnasyonal na korporasyon (o TNC), at malaking oportunidad para maka-*kickback* ang mga opisyal ng pamahalaan. Bukod dito, mas maipapakete ng pamahalaan ang bansa para mas maging kaakit-akit sa dayuhang mamumuhunan lalo pa’t kalakhan ng imprastrukturang itatayo ay magpapabilis

sa daloy ng mga tao, produkto at serbisyo na sadyang kaaya-aya para sa mga namumuhunan. Sa mga 75 *flagship projects*, halimbawa, 69% o 52 proyekto ay para sa transportasyon at 22 dito ay nasa Metro Manila. Matagal na ring pinupuna ng mga multilateral na mga institusyon ang pagiging kulelat ng bansa kumpara sa iba pang mga kapitabahay nito sa Timog Silangang Asya pagdating sa imprastruktura. Kaya naman lalong tumindi ang paniniwala ng economic managers ni Duterte na tataas ang dayuhang pamumuhunan sa bansa dahil sa BBB.

Sa taya ng administrasyon, nasa Php8.4 trilyon ang halaga ng mga proyekto sa ilalim ng BBB para sa buong anim na taon ni Duterte. Inilabas kamakailan ng pamahalaan ang listahan ng 61 proyekto sa ilalim nito na nagkakahalaga ng Php1.54 trilyon. Pinapangasiwaan ng Department of Public Works and Highways (DPWH), Department of Transportation (DOTr), at Bases Conversion Development Authority (BCDA) ang mga proyektong ito. Sa kabilang banda naman, naglabas din ang NEDA Board Committee on Infrastructure na pinamumunuan ni Duterte ng listahan ng 75 *flagship projects* – 69 dito ay may halagang Php1.53 trilyon. Sa mga proyektong ito, 22 lamang ang kabilang sa BBB ng tatlong ahensya sa taas na nagpapakita ng kawalan ng maayos na plano at pagkakanya-kanya ng mga ahensya para makakuha ng pamumuhunan.

Hindi na bago ang mga proyektong ito na inihahain ng administrasyong Duterte. Maging ang mga proyekto sa Three-Year Rolling Infrastructure Plan (TRIP) 2018-2020, na ipinakita kasabay ng paglulunsad ng Dutertenomics na may 4,895 na mga proyekto, ay kulumpon lamang ng mga dati nang proyektong inihahain ng mga nakalipas na administrasyon sa mga nais mamuhunan sa bansa. Dati na ring ibinibida ng mga nakalipas na mga administrasyon ang mga proyektong pang-imprastruktura, ang kaibahan ng BBB ni Duterte ay higit na mas malaki ang gagastusin para rito kumpara sa mga naunang administrasyon. Mula sa abereyds na 2.3% ng GDP sa ilalim ng mga administrasyon ni Cory, Ramos, Arroyo, Estrada, at Aquino, itataas ito ng kasalukuyang administrasyon patungong 5.3% sa 2017 at 7.4% sa 2022. Kung tutuusin, mas malaki pa ito sa gastos sa imprastruktura sa ilalim ng diktaduryang Marcos na umabot sa 3.5% ng GDP.

Ang masaklap, ang pondo para sa BBB ay kukunin mula sa bulsa ng mamamayan. Sa 61 proyekto sa ilalim ng BBB, ang pondo para sa 25 dito ay magmumula sa General Appropriations Act (GAA) o taunang pambansang badyet; 19 ay mula sa official development assistance (ODA) o pangungutang; 11 ay public-private partnership (PPP); 1 *locally funded*; habang may lima pang wala pang nakasaad kung saan manggagaling ang pondo. Sa 75 flagship projects – 48 ay uutangin ng pamahalaan – 35 mula sa China, 8 sa Japan, 2 sa Korea, 1 sa World Bank, at 2 na wala pang nakalistang target na pagkunan. Manggagaling naman sa GAA ang pondo para sa 14 na proyekto dito, 2 ay PPP, at may 11 na pag-uusapan pa. Suma total, magmumula sa ODA ang Php1.89 trillion or 71.5% ng Php2.65 trillion na halaga ng lahat ng natukoy na proyekto.

Kukunin ang napakalaking halagang kailangan para sa BBB mula sa kikitain sa pagtataas ng buwis mula sa TRAIN at mula sa pangungutang na ang taumbayan din naman ang magbabayad. Ito ay habang ang napakalaking ganansya mula sa pagtatayo hanggang sa pagpapatakbo ng mga imprastrukturang ito ay pagpapasasaan ng mga dayuhang namumuhunan, dayuhang gobyerno, at lokal na oligarkiya.

Minaksimisa ng administrasyong Aquino ang iskema ng PPP para sa mga proyekto ng pamahalaan kung saan pribadong sektor ang magtatayo, magpapatakbo at magmamantine ng imprastruktura para pagkakitaan ito at pagkatapos ay ipapasa sa gobyerno matapos ang isang takdang panahon. ‘Hybrid PPP’ naman ang isasagawa ng administrasyong Duterte kung saan ito ang magtatayo ng imprastruktura at saka ipapasa ang operasyon at pagmamantine sa kamay ng pribadong sektor para pagkakitaan. Sa parehong iskema ng PPP, magbabayad ng “user-fee” sa pribadong sektor na nagpapatakbo ng pasilidad ang mamamayang gagamit nito. Ang pondong kakailanganin ng rehimeng Duterte sa pagpapatayo ng mga imprastrukturang ipapasok sa ‘hybrid-PPP’ ay magmumula sa pangungutang at sa 70% ng kikitain sa TRAIN. Sa esensya ay binigyan ng gobyernong Duterte ng subsidyo ang tubo ng dayuhan at lokal na korporasyon.

Tumaas ng 412% ang utang at grants na nakuha ng Pilipinas noong 2016 sa US\$15.6 bilyon, imprastruktura ang nagtala ng pinakamataas na paglaki ng 1,268% mula US\$540 milyon patungong US\$7.38 bilyon. Pinakamalaki pa rin ang galing sa Japan na pinagmulan ng 36% ng pangkabuuang ODA noong 2016.

Nakakaalarma ang paglaki ng utang ng bansa. Mula nang maupo si Duterte bilang pangulo, lumaki ang utang ng gobyerno mula Php5.9 trilyon patungong Php6.8 trilyon noong Mayo 2018. Ang utang panlabas ng bansa ay umabot na sa US\$73.2 bilyon noong Marso 2018 – 48% dito ay utang ng gobyerno. Ang utang ng pambansang gobyerno ay katumbas ng 48% ng GDP sa unang kwarto ng 2018 habang ang utang panlabas ay 44% ng reserba sa dolyar ng bansa.

Tinatantyang tataas pa ang utang ng bansa, subalit hindi nababahala ang gobyernong Duterte dahil diumano ay malakas naman ang ekonomiya. Ang totoo, hindi ito nababahala dahil naseguro na nito na popondohan ng TRAIN ang grandyosong programa sa imprastraktura, at sa kalaunan ay babayaran ito ng mataas na user-fees.

Pyesta ang mga TNC at malalaking lokal na korporasyon sa imprastraktura, konstruksyon, *real estate*, kuryente, tubig, transportasyon, at iba pa. Ang mga TNCs ng nagpapautang na mga bansa ay sigurado nang makakakuha ng mga kontrata. Ang mga lokal na oligarkiya naman, sa kanilang monopolyo sa mga industriya ay makakakopo rin ng mga malalaking proyekto.

Ang mga inaward na kontrata ng PPP na nagkakahalaga ng Php323.06 bilyon ay napunta sa mga grupo ng mga Ayala, Cojuangco-Ang (San Miguel Corporation or SMC), Manny V. Pangilinan (MVP), at Megawide Corporation (Saavedra-Cosiquien). Ang SMC ay may hawak ng Php142.47 billion o 44% ng kabuuang halaga ng natapos na at umiiral na PPP. The kolaborasyong Ayala at MVP ang nakakuha ng 21.5% liban pa sa mga solong proyekto ni MVP na 18% ng halaga ng poyektong PPP. Ang baguhan pero mabilis na yumayamang Megawide Corporation ay nakakuha ng 14% ng PPP. May 18 PPPs pa na nagkakahalaga ng Php403.2 billion na ipinapalagaw ng gobyernong Duterte para sa mahusay na *bidder*.

5 Paano ang pagpapatindi sa mga patakarang neoliberal?

Ang pagpapanatili ng mababang sahod at kontraktwalisasyon sa bansa ang panguhaning alas ng gobyernong Duterte sa paglalako nito ng bansa sa mga dayuhang namumuhunan. Ito ang sentro ng estratehiya ng Duterteonomics na nilalaman ng Philippine Development Plan (PDP) 2017-2022.

Patuloy itong nanalig sa “malayang kalakalan” at globalisasyon. Nakaangkla ang PDP 2017-2022 sa pangmatagalang tanaw para sa ekonomiya ng Ambisyon 2040 na may target na maging upper-middle income country ang Pilipinas pagsapit ng taong 2040. Pero wala sa listahan ng ambisyong ito ang pagtataguyod ng industriyang lilikha ng pangmatagalang trabaho sa bansa para makamit ng mga mamamayan ang maalwang buhay.

Kabangga ng tunay na pag-unlad ang mismong pamamaraan ng gobyerno sa PDP 2017-2022. Malayong maabot ng mayorya ng mamamayang Pilipino ang “matatag, maginhawa, at panatag na buhay para sa lahat” na nakasaad sa Ambisyon 2040 dahil pananatilihin ng PDP ang kasalukuyang atrasadong ekonomiya ng bansa.

Wala sa plano ang pagpapatupad ng tunay na repormang agraryong magpapamahagi ng lupa sa mga magsasaka. Wala rin sa plano ang pagpapataas ng sahod sa antas ng nakabubuhay ng mga manggagawa. Wala rin sa plano ang pagtatayo ng mga pambansang industriya. Ang nasa plano ay gawing “*globally competitive*” ang bansa, na hindi na bago, at makakamit ito kapag nakompleto na ng gobyernong Duterte ang liberalisasyon ng ekonomiya.

Para maging globally competitive kailangang tanggalin ang mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan at ang mga natitira pang *regulatory requirements* na ipinapataw sa mga dayuhang kompanya. Nakasaad din sa plano ang higit pang pagbubukas ng serbisyong panlipunan at mga pampublikong yutilidad sa pribadong kapital. Ito ang nilalaman ng mga amyenda sa Public Services Act na itinutulak ngayon sa Kongreso.

Ang “matatag, maginhawa, at panatag” na buhay na tinatanaw ng Ambisyon Natin 2040 sa pamamagitan ng PDP 2017-2022 ay buhay para sa pribadong lokal at dayuhang kapital.

Sang-ayon sa tugtugin ng PDP ang itinutulak na pag-amyenda sa saligang batas o Cha-cha. Ginagamit na pantabing ang usapin sa pederalismo sa tunay na adyenda nitong maitulak ang pagbubukas ng ekonomiya ng Pilipinas sa dayuhang pamumuhunan, pagpapakitid sa karapatan ng mga mamamayan, at politikal na ambisyon ng nasa poder.

Tuluyan na rin ang pagkompleto ng liberalisasyon ng importasyon ng bigas sa pagtutulak ng gobyerno na alisin ang quantitative restrictions (QR) nito at patawan ng token na taripa na kalaunan ay aalisin. Ayon na rin ito sa kagustuhan ng World Trade Organization (WTO) na masugid na tinutulak ng NEDA. Tuluyan nang ipapasa ang importasyon ng bigas sa kamay ng mga pribadong traders at pakikiputin ng papel ng National Food Authority (NFA).

Ngayong taon din isasalang ang ikalawang pakete ng TRAIN sa Kongreso na magpapababa sa buwis na babayaran ng mga korporasyon at magpapahusay sa pagbibigay ng mga insentibo sa kanila. Niratsada naman ang pagpirma sa Ease of Doing Business Act na presyur ng World Bank at World Economic Forum (WEF) para sa pagpapadali ng pagtatayo ng mga negosyo sa bansa nang sa gayon ay makaakit pa ng mas maraming dayuhang mamumuhunan.

Sa kabila nito, masigasig namang pinapatay ng mga alyado ng administrasyon at economic managers ang mga panukalang batas na magbabaliktad ng regresibo at kontra-mahirap na probisyon ng TRAIN (House Bill o HB 7653) at panukalang batas na magpapatupad ng Php750 pambansang minimum na sahod (HB 7787).

Sa huli, ang isyu ng pagpapatuloy ng kontraktwalisasyon ay tuwiran ding responsibilidad ni Duterte. Isa sa mga pamamaraan para mabarat ang sahod ng mga manggagawa ay ang mga iskema ng kontraktwaslisasyon at pleksibilisasyon sa paggawa.

Nagpaikot-ikot si Duterte sa kanyang ipinangako noong eleksyon. Hindi pa rin nawawakasan ang kontraktwalisasyon matapos ang mga panlalansi nitong diumano ay pinirmahan niyang order. Walang silbi at walang pinag-iba ang Department Order (DO) 174 ng Department of Labor and Employment (DOLE)

at ang Executive Order 51 na pinirmahan ni Duterte nitong nakaraang Mayo uno. Parehong nagsasabi na ipinagbabawal ang 'illegal' na kontraktwalisasyon at ang regularisasyon ay maaaring maganap sa mga *third-party agencies* at hindi kinakailangang sa mga kompanyang pinagtratabuhan nila. Kung gayon, hindi pa rin magkakaroon ng relasyong empleyado at employer ang mga manggagawang mula sa mga third-party agencies at may-ari ng kompanyang kumuha sa kanila.

Nagkaroon ng kampanyang *mass filing* sa DOLE ang mga kontraktwal sa iba't ibang bahagi ng bansa para kilalanin silang regular ng mga pinapasukang kompanya. Napilitang maglabas ang DOLE ng listahan ng mga lumalabag sa Labor Only Contracting (LOC) bunsod ng kampanyang ito at kasama sa listahan ang Jollibee Foods Corporation (JFC) na may mahigit 29,000 na kontraktwal. Pero nakapagtatakdang hindi kabilang sa listahan ang SM na pagmamay-ari ni Henry Sy na kilala bilang "contractual king".

Sa Timog Katagalugan, 40,000 kontraktwal ang sakop ng DO mula sa DOLE para maging regular subalit hindi pa rin ipinatutupad ng mga kompanya ang kautusan ng DOLE.

Ang ligalig ay gumagapang sa paggawa. Sunod-sunod ang mga pumutok na welga sa mga pagawaan sa gitna at timog Luzon, NCR, at Mindanao. Ilan sa mga ito ang welga ng mga manggagawa ng NutriAsia sa Bulacan at Middleby sa Laguna Technopark. Nakawelga rin ang mga manggagawa ng Coca-Cola sa Davao at sa plantasyon ng Shin Sun Tropical Fruits.

6 Ano ang patakarang panlabas ni Duterte?

Sa unang taon pa lang ni Duterte, naging malinaw na hanggang sa salita lamang ang kanyang nagsasariling patakarang panlabas. Sa kabila ng pagmumura niya sa US, nananatiling signipikante ang impluwensya ng huli sa ekonomiya, politika at militar ng Pilipinas. Samantala, tuloy-tuloy ang pakikipagmabutihan nito sa China. Pinapalusot hindi lamang ang mga pag-abante nito sa pagtatayo ng mga istruktura sa pinag-aagawang West Philippine Sea (WPS). Inaasahan ding magpapautang ang China para sa mga proyektong pang-imprastruktura ng administrasyon.

Nagbago ng patakaran sa pakikipag-ugnayang panlabas ang China. Kagaya ng US at iba pang imperyalistang bansa, nagsimula na nitong palawakin ang impluwensya sa daigdig. Kabilang dito ang US\$900 bilyon na One Belt, One Road na kulumpon ng mga proyektong pang-imprastrukturang nakatuon sa paggawa ng mga ruta para sa kalakalan. Pag-uugnayin ng One Belt ang China, Gitnang Asya, at Europa samantalang ang One Road naman ay ruta sa karagatan na magsisimula sa mga baybayin ng China hanggang sa Timog-Silangang Asya, Sri Lanka at Arabian Peninsula hanggang sa silangang baybayin ng Africa.

Sa isang ulat, ipinakita ng mga iskolar mula sa Harvard University na ginagamit ng China ang tinaguriang “debtbook diplomacy” o paghimok sa mga bansa na mangutang sa kanya. Ito’y para makakuha ng higit na impluwensya sa mga bansa sa Asya at sa Pasipiko.

Halimbawa nito ang pagsuko ng gobyerno ng Sri Lanka ng karapatang patakbuhan ang Hambantota Port at ang 15,000 acres ng lupa sa paligid nito sa isang kompanyang pagmamay-ari ng gobyerno ng China sa loob ng 99 na taon noong 2017. Ito ay nang hindi na mabayaran ng Sri-Lanka ang lumobo nang utang nito sa China.

Hinahamon na rin ng China ang US pagdating sa lakas pangmilitar. Sa kasalukuyan, may base militar na ang China sa bansang Djibouti. Batay naman sa pinakabagong mga litrato, halos papatapos na ang mistulang mga base militar sa mga pinag-aagawang bahura sa WPS. Target ding magtayo ang China ng base militar sa Vanuatu.

Isang signipikanteng ka-partner sa kalakalan ng Pilipinas ang China. Ayon sa datos mula sa PSA, China ang numero unong pinagmulan ng mga import ng bansa mula Enero hanggang Abril 2018. Mas mataas sa US\$5.3 bilyon na import ng bansa mula China noong 2017, nagkakahalaga ang import nitong 2018 ng US\$6.1 bilyon o katumbas ng 18.5% ng pangkabuuang halaga ng import ng Pilipinas.

Pang-apat naman ang China sa destinasyon ng mga eksport ng Pilipinas. Mula pa rin sa datos ng PSA, 11.8% ng pangkabuuang halaga ng eksport ng bansa o US\$2.5 bilyon ay napunta sa China noong Enero hanggang Abril ng taong

kasalukuyan. Bahagya itong tumaas mula sa US\$2.4 bilyon noong nakaraang taon. Pero sa China rin nagmula ang pinakamalaking depisito sa kalakalan ng bansa na US\$3.6 bilyon.

May signipikanteng pagtaas din sa ODA mula sa China noong nakaraang taon. Tumaas sa US\$9.11 milyon noong 2017 ang isang grant noong 2016 na nagkakahalaga ng US\$1.56 milyon.

Nagsimula namang umutang ang Pilipinas sa Asian Infrastructure and Investment Bank (AIIB) ng China noong 2017 at ang pangkabuuang halaga ng utang ng bansa dito noong taong iyon ay US\$207.6 milyon. Ang AIIB ang ikaanim na pinakamataas na pinagmulan ng utang ng bansa noong 2017, sumunod ito sa Japan, World Bank (WB), Asian Development Bank (ADB), Korea, at France.

Kung susumahin, ang pangkabuuang ODA mula sa China ay US\$216.71 milyon noong 2017 at ito ang pang-10 pinakamataas na ODA na natanggap ng bansa sa nasabing taon. Tumaas ang ranggong ito ng China na nasa pang-17 lamang noong 2016.

China ang isa sa mga target na mayor na pagmulan ng pondo para sa grandyosong “golden age of infrastructure” ng administrasyong Duterte. Siyam na proyektong may pangkabuuang halagang Php255.57 bilyon ang target na mayoryang pondohan ng utang mula sa China. Ang mga proyektong ito ay ang sumusunod:

1. PNR South Long Haul (Manila-Bicol) – Php175.32 bilyon
2. Subic-Clark Railway Project – Php50.03 bilyon
3. New Centennial Water Source-Kaliwa Dam Project – Php12.20 bilyon
4. North and South Harbor Bridge – Php8.03 bilyon
5. Chico River Pump Irrigation Project – Php4.37 bilyon
6. Palanca-Villegas (2nd Ayala) Bridge – Php1.60 bilyon
7. East-West Bank Bridge 1 – Php1.54 bilyon
8. Beata-F.Y. Manalo Bridge – Php1.39 bilyon
9. Blumentritt-Antipolo Bridge – Php1.10 bilyon

Gayunpaman, sa mga proyektong ito, tanging ang Chico River Pump Irrigation pa lamang ang napirmahan noong Abril 2018.

Dalawang tulay naman sa Ilog Pasig ang popondohan ng grant mula sa China. Ito ay ang Binondo-Intramuros Bridge (Php4.61 bilyon) at Estrella-Pantaleon Bridge (Php1.37 bilyon).

Bukod sa mga proyektong ito, nais ding pasukin ng China ang rehabilitasyon ng Marawi. Noong Disyembre 2017, nagpasa ng *unsolicited proposal* na nagkakahalaga ng Php17.2 bilyon ang Bagong Marawi Consortium na binubuo ng limang kompanya mula China at tatlong kompanyang pagmamay-ari ng Pilipino para idebelop ang 250 ektarya ng pinakaapektadong lugar sa Marawi.

Kabilang sa limang kompanyang mula sa China ang China State Construction Engineering Corporation (CSCEC), na pagmamay-ari ng gobyerno ng China, at China Geo Engineering Corporation (CGEC) na sinasabing pinakamalaking *international contractor*. Isinama ang mga ito sa *blacklist* ng World Bank noong 2004 dahil diumano sa pakikipagsabwatan sa mga lokal na kompanya para dayain ang *bidding* sa mga proyektong bahagyang pinondohan nito.

Noong Hunyo 2018, hindi pumasa ang Bagong Marawi Consortium bilang *original proponent* sang-ayon sa desisyon ng Task Force Bangon Marawi. Pero kompanyang pagmamay-ari pa rin ng China ang ikalawang proponent para sa rehabilitasyon ng Marawi. Ito ang Power Construction Corporation of China o POWERCHINA na ang halaga ng proyekto ay Php15.4 bilyon.

Hindi naman natitinag ang administrasyong Duterte sa mga agam-agam kaugnay ng pautang ng China kabilang na ang interes nito sa pautang at iba pang mga kondisyon na kakabit nito. Di hamak na mas mataas ang ipinapataw na interes ng China na 2% sa mga pautang nito kumpara sa 0.8-1.4% ng Japan. Kakabit nito ang pangambang matulad sa Sri Lanka ang Pilipinas kapag hindi nito nabayaran ang napakataas na interes na ito.

Isa pang usapin sa pangungutang sa China ay ang mga kondisyong kakabit ng mga utang na ito kagaya ng pagpapasok ng mga manggagawa at propesyunal na mga Tsino para sa mga proyektong popondohan nila. Bukod

sa pagbale-wala ito sa dami ng mamamayang Pilipino na walang trabaho, nangangamba ring ipasOk sa Pilipinas ang masasahol na istandard sa paggawa ng China.

Sa kabila ng lahat ng mga ito, ayon sa NEDA, mangungutang pa rin ang bansa sa China upang pabilisin ang pagpapatupad ng mga proyektong pang-imprastruktura ng administrasyon.

Kapalit ng mga pautang na ito ang pananahimik ng administrasyong Duterte sa mga aktibidad ng China sa pinagtatalunang WPS. Higit pang nasasangkalan ang soberanya ng Pilipinas sa mga isla, katubigan at ang mga likas na yaman nito.

Nagsasalita lamang ang rehimen sa usapin ng WPS para magdependa at magpalusot sa mga aktibidad ng China sa nasabing lugar.

Hindi nito dinepensahan ang mga mangingisdang Pilipino sa panggigipit ng Chinese coast guard. Inakyat ng mga ito ang bangka ng mga mamamalakaya na inagawan ng huling isda. Pero ayon kay Duterte, hindi harassment kundi barter lamang na hindi nagkaunawaan sa tamang presyo ang naganap.

Sa halip na kundenahin ang militarisasyon sa rehiyon sa balitang papatapos nang konstruksyon ng mga bagong isla para sa mga kagamitang pang-militar ng China sa pitong pinag-aagawang reef sa WPS, sinabi pa ng Malakanyang na dapat magpasalamat sa China ang Pilipinas. Mapapasakamay din daw ng Pilipinas ang mga imprastruktura sa oras na humina ang China.

Walang-imik din ang gobyerno sa dalawang beses nang pag-landing ng eroplano ng People's Liberation Army ng China sa Davao International Airport para diumano magkarga ng langis.

Hindi talaga maasahan si Duterte na tumindig para sa Pilipinas kontra sa unti-unting paggapang ng China sa teritoryo nito. Nagbubukas pa nga ito sa *joint exploration* sa pinag-aagawang teritoryo. Hindi ito gumagawa maski ng mga diplomatikong pamamaraan para ipagtanggol ang teritoryo ng bansa at mga mamamayan nito. Kapalit ng mga pabor na ito sa China ang suportang makukuha ng kanyang administrasyon para mas tumagal pa sya sa pwesto.

Dinagdagan lamang ng administrasyong Duterte ang pinangangayupapaang imperyalistang bansa. Nananatili ang pagpapakapapet nito sa US, na siyang

katunggali ngayon ng China sa mundo laluna sa larangang pangmilitar at pang-ekonomiya.

US pa rin ang nangungunang pinagmumulan ng grants sa bansa at pang-apat sa pinagmumulan ng ODA kasunod ng Japan, WB at ADB noong 2017. Sa taong ito, umabot ng US\$730.53 milyon ang grants sa Pilipinas mula sa US.

Nakaamba ang *bilateral free trade agreement* (BFTA) sa pagitan ng US at Pilipinas. Matatandaang pumihit ang administrasyon ni Donald Trump mula sa multilateral na mga kasunduan sa kalakalan patungo sa mga BFTA dahil mas madaling iwasiwas ang lakas nito sa paisa-isang bansa.

Pero laging dehado ang posisyon ng Pilipinas sa mga pinasok nitong kasunduan sa kalakalan, maging multilateral man tulad ng World Trade Organization (WTO), o bilateral tulad ng Japan-Philippines Economic Partnership Agreement (JPEPA). Tiyak na magresulta ang isang prospektibong BFTA sa isa na namang tagibang na kasunduan pabor sa US, na isang makapangyarihang bansa, at Pilipinas, na isang neokolonya.

Patuloy pa rin sa ilalim ni Duterte ang mga tagibang na kasunduang pangmilitar sa pagitan ng Pilipinas at US na nagbibigay katwiran sa presensya ng mga sundalong Amerikano sa bansa. Kabilang dito ang Mutual Defense Treaty (MDT), Visiting Forces Agreement (VFA), at Enhanced Defense Cooperation Agreement (EDCA).

Patuloy pa rin ang pagdaong at paghimpil sa bansa ng mga sasakyang pandigma ng US gayundin ang mga ehersisyong militar sa pagitan ng dalawang bansa.

Kumpara sa Balikatan Exercises noong nakaraang taon na nilahukan ng nasa 2,600 sundalong Amerikano, mas maraming tropang Amerikano – 3,000 – ang lumahok sa nasabing ehersisyong militar na ginawa sa iba't-ibang lugar sa Luzon nitong Mayo.

Noong Abril, inumpisahan ang konstruksyon ng pinakaunang mayor na proyekto sa ilalim ng EDCA sa Cesar Basa Air Base sa Pampanga, ang Humanitarian Assistance and Disaster Relief.

Sa unang pagkakataon, sumali ang Philippine Navy sa Rim of the Pacific (RIMPAC) 2018 na ginaganap sa Hawaii. Ang RIMPAC ay ang pinakamalaking *international war games* na nagaganap kada dalawang taon. Pinangungunahan ito ng US Navy Pacific Fleet na nakahimpil sa Honolulu, Hawaii. Magaganap ito mula Hunyo 27 hanggang Agosto 2 ngayong taon. Pitong-daang (700) myembro ng Philippine Navy ang ipinadala para lumahok sa nasabing pagsasanay.

US man o China, ang mamamayang Pilipino ang talo sa patakarang panlabas na ito ni Duterte. Tanging kapakinabangan lamang para sa naghaharing uri ang dala ng pakikipagmabutihan ni Duterte sa US at China sa kasalantaan ng kabuhayan ng mamamayan. Patuloy na pakikinabangan ng pamumuhunang China at US na nakabatay sa pagpako sa sahod sa mababang antas, ang kontraktwalisasyon, pagsupil sa mga karapatan sa paggawa, at pagpapatindi ng mga regresibong buwis upang tustusan ang tubo ng mga dyuhan at lokal na kapitalista. Ang lahat ng ito ay ayon sa presyur at dikta ng US at China at kanilang mga TNC at bangko.

7 Ano ang kasalukuyang kalagayan ng demokrasya sa bansa sa harap ng nagkakahugis na awtoritarianismo?

Layunin ng gobyernong Duterte na sagarin ang neoliberalismo na magsisilbi sa interes ng oligarkiya at mga imperyalista. Ito rin ang magbibigay sa kanya ng lehitimong mandato upang manatili sa poder. Subalit pansariling interes din ni Duterte at ng kanyang mga kasapakat ang magtagal sa kapangyarihan.

Parehong mahirap ipatupad ang mga layuning ito – marahas na ang yugto ng neoliberalismo na nais ipatupad habang hindi madaling ilako sa mamamayan ang pagsentro ng kapangyarihan at pagpapalawig ng rehimen. Subalit itinutulak ito ni Duterte sa pamamagitan ng awtoritarianismo. Sa ilalim nito, nanganganib ang anumang hibo ng demokrasya na tinatamasa ng mamamayan.

Kinikitil ang mga institusyon ng demokrasya sa bansa. Lantaran ang paggamit ng dahas at pananakot laban sa sinumang sumalungat sa kanyang ambisyon habang tuloy-tuloy na sinusuyo ang kapulisan at militar para siguruhing nasa panig niya ang mga ito. Sa araw-araw, nakaumang ang pandarahas ng estado

sa mahihirap at mga nakikibaka para sa tunay na pagbabago.

Parang balang pumapatay sa pinakamahihirap at walang kapangyarihan ang mga salitang lumalabas sa bibig ni Duterte. Ang bawat kontra-mahihirap at kontra-mamamayang pahayag ay tila basbas sa armadong pwersa para lalo pang gamitan ng dahas ng estado ang mga itinuturing ni Duterte na salot sa lipunan.

Lampas sa anim na buwang *deadline* nito, higit 12,000 na ang patay sa kampanya kontra droga ng pamahalaan. Pero hindi pa rin natatapos ang problema sa droga sa bansa. Wala pa ring napaparusahang *drug lord* at karamihan ng napatay ay mahihirap.

Ang mahihirap din ang target ng kampanya kontra tambay para diumano pigilan ang mga krimeng maaaring idulot ng mga ito. Naging arbitraryo ang panghuhuli ng mga pulis at mahigit 7,000 ang mga inaresto dahil sa kampanyang ito. Isa ang namatay habang nasa kulungan na kinakitaan ng mga pasa sa katawan.

Nagmimistulang *police state* ang Pilipinas sa mga kampanyang ito. Iwinawasiwas ng estado ang kamay na bakal sa maliliit na tao at sa mga isyung kulang sa pagpapalalim at pang-unawa hindi lang ng kapulisan kundi mismo ng pamahalaan.

Subalit hindi pa rin ito nasasapat para maitulak ng gobyernong Duterte ang kanyang mga layunin. Kahit tapos na ang gyera sa Marawi, nasa ilalim pa rin ng *martial law* ang buong Mindanao. Nagsisilbi ang martial law hindi lamang para makontrol ang mga paglaban ng mga Moro at Lumad, kundi para mas madulas na naitutulak ang pagbubukas ng mga oportunidad para sa lokal at dayuhang kapital.

Hindi kasama at nakonsulta ang mga Maranao sa planong pagtatayo ng 10 ektaryang kampo ng militar at *economic zone* bilang bahagi ng programa sa rehabilitasyon ng Marawi. Hindi pinahihintulutang makabalik sa kanilang mga komunidad ang mga Maranao na nais na muling itindig ang kanilang mga tahanan. Ibinubukas sa iba't ibang dayuhang institusyon at puhunan (World Bank, IMF, at China) ang rehabilitasyon nito. Kinalabit na din ang

mga pribadong korporasyon gaya ng Maynilad, Manila Water, MPIC, Ayala Foundation, Jollibee Foods Corp, Pepsi Cola Philippines, FF Cruz, Meralco, Coca Cola, World Vision, Cebuana Lhuillier, Oxfam, San Miguel Foundation, SM Foundation, at LBC Foundation para mamuhunan sa nasabing rehabilitasyon.

Kasabay ng Oplan Kapayapaan, ang pagpapatuloy ng martial law ay nagdulot sa buong Mindanao ng mas matinding atake sa karapatang pantao lalo na ng mga magsasaka at mga Lumad.

Ayon sa resulta ng International Fact Finding and Solidarity Mission (IFFSM) na isinagawa ng iba't ibang mga organisasyon sa pangunguna ng KMP noong Abril 2018, karamihan ng mga biktima ng *extra-judicial killings* (EJK) sa Mindanao ay mga magsasakang aktibo sa lokal na pakikibaka laban sa pangangamkam ng lupa at pagtatanggol sa lupang ninuno. Inaatake ang mga biktima malapit sa kanilang bahay o komunidad sa presensya ng kanilang mga kaanak o iba pang saksi. Karaniwang mga nakamaskara ang mga salarin na ang ilan ay kilala bilang mga *asset* ng militar. Binabansagan ang mga biktima na mga kasapi o taga-suporta ng New People's Army (NPA).

Samu't saring panlilinlang din ang ginagamit ng Armed Forces of Philippines (AFP) para palabasing laksa-laksa ang sumusukong NPA. Mula sa panloloko sa mga komunidad, pangngikil, harassment at sapilitang pagpapapirma bilang "*surrenderees*", ikinukulong ang mga biktima at regular na pinagrereport sa mga kampo ng militar. Nagiging normal na sa ilang mga lugar sa Mindanao ang pagsasabwatan ng militar, pulis at mga opisyal ng korte para kikilan ang mga magsasakang sinasampahan ng gawa-gawang kaso.

Nagdudulot ang mga operasyong militar ng sapilitang paglikas ng mga pamilya sa mga komunidad. Ang huling insidente ay ang 42 pamilyang Subanen o 230 mga residente ng Purok 2 Sentro, Brgy. Saad, Dumingag, Zamboanga del Sur na napilitang lumikas dahil sa operasyon ng 1st Infantry Battalion (IB) ng Philippine Army (PA) noong Mayo 2018. Noong ika-10 ng Hunyo, nagbakwit ang 286 na pamilya o 1,716 na mga indibidwal nang magsagawa ng *aerial bombings* at *ground combat operations* ang 33rd IB, 61st Division Reconnaissance Company, at ang PNP 4th Special Action Battalion sa Brgy. Dalgan, Pagalungan, Maguindanao.

Ilang beses na nagpahaging ang pangulo sa kanyang mga pahayag na maaaring maging pambansa ang saklaw ng martial law, o di kaya naman ay maaaring magdeklara ng *national emergency*.

Minamadali na rin sa Kongreso ang pagdinig at pagpasa ng mga rebisyon sa Human Security Act of 2007 (HSA) na inihain nina Reps. Amado Espino Jr., Gary Alejandro, at Leopolda Bataoil. Nakatuon ang mga rebisyon hindi sa terorismo kundi sa mga aktibista at mga progresibong grupo. Malabo at masyadong malawak ang depinisyon ng terorismo, at kung susundin, ang mga welga, strike ng mga jeepney driver, at maging ang EDSA 1 ay maituturing na mga *terrorist act*. Isinasama na rin bilang mga *terrorist act* ang ilang mga krimen gaya ng *murder*, *kidnapping* o pagbabanta laban sa publiko o kahit na sinong indibidwal. Maaaring arestuhin ang sinumang pinanghihinalaang terorista kahit wala pa itong kaso.

Direktang inaatake ng mga inihaing rebisyon sa HSA ang mga karapatan ng mga mamamayan gaya ng karapatan sa *due process*, karapatang magpahayag, sumali sa mga organisasyon, at kalayaan sa pamamahayag at pagbiyahe.

Sa esensya, ang mga rebisyong ito ay paglegalisa ng martial law at nakatuon ang kampanyang “anti-terorismo” para patahimikin ang mga ligal at demokratikong pakikibaka ng mga mamamayan.

Bukod sa martial law, patuloy ang konsolidasyon sa kapangyarihan ni Duterte para siguruhing maitutulak niya ang interes niya at ng kanyang mga kaalyado at makapanatili nang mas matagal sa poder.

Hindi na umabot pa sa *impeachment trial* ang kaso ni Chief Justice (CJ) Ma. Lourdes Sereno. Niratsada ni Duterte ang pagpapataksik kay CJ Sereno sa pamamagitan ng *quo warranto petition* na inihain ni Solicitor General Jose Calida sa Supreme Court (SC). Bumoto ng 8-6 ang mga mahistrado ng SC para tanggalin si CJ Sereno, at sa pagkakaroon ng kanyang “*supermajority*” sa Kongreso, tuluyan nang nakontrol ni Duterte ang tatlong sangay ng gobyerno. Tiyak na ang susunod na hihirangang punong mahistrado ay papabor sa kagustuhan ng ehekutibo at mawawala na ang *checks-and-balances* sa loob ng gobyerno. Wala na ang isa pa sanang sangay na

magtitiyak na walang nagaganap na pang-aabuso sa kapangyarihan. Lubos na paborable ito para kay Duterte at sa kanyang mga pakanang gaya ng Cha-cha at pagpapatupad nang walang habas ng mga patakarang neoliberal. Paborable rin ito sa pansariling interes sa kapangyarihan.

Samantala, matatapos na rin ang termino ni Ombudsman Conchita Carpio Morales ngayong Hulyo na matagal na ring pinaparinggan ni Duterte na aalisin sa pwesto. Naglunsad ng imbestigasyon ang Ombudsman hinggil sa tagong yaman ni Duterte at kasalukuyang may isinasagawang preliminaryong imbestigasyon sa anak ng pangulo at dating vice-mayor ng Davao na si Paolo Duterte. Ilan sa mga matunog na papalit ay mga malalapit din kay Duterte gaya ni DOLE Sec. Silvestre Bello III at ang kaklase niya sa abogasya na si Rex Rico.

Hinahawan ni Duterte ang landas para makamit niya ang kanyang ambisyon. Itinuon din niya ang kanyang pwersa sa mga nananawagan ng mga lehitimo at demokratikong karapatan. Gigil na gigil si Duterte laban sa mga nagtataguyod ng karapatang pantao.

Maging ang mga relihiyoso ay hindi nakaligtas sa pandarahas. Apat na mga pari na ang namatay habang isa ang nakaligtas sa ilalim ng rehimeng Duterte. Noong Disyembre 2017 pinaslang ng mga elemento ng AFP si Pastor Lablito. Inakusahan syang kasapi ng NPA. Pinagbabaril din si Fr. Marcelito “Tito” Paez sa Nueva Ecija matapos na umalalay sa pagpapalaya ng isang bilangong politikal . Si Fr. Mark Ventura, na kilalang *anti-mining advocate*, ay binaril ng mga lalaking nakamaskara matapos na magmisa sa Cagayan. Ang pinakabagong biktima ng pagpatay ay si Fr. Richmond Nilo ng Diocese ng Cabanatuan na binaril habang naghahanda para sa misa. Nakaligtas naman sa tangkang pagpatay si Rev. Rey Urmeneta habang nasa daan patungo sa isang pulong sa Laguna. Nakatanggap naman ng *death threat* at nakaranas ng *surveillance* ng militar at harassment ang dalawang pari ng Iglesia Filipino Independiente.

Tatlong dayuhang misyonaryo ng United Methodist Church (UMC) ang mahigit 1.5 buwan nang nasa Bicutan Detention Center. Sina Adam Shaw (US), Tawanda Chandiwana (Zimbabwe), at si Miracle Osman (Malawi) ay naging bahagi ng *international ecumenical fact-finding investigation* noong Pebrero na hinarang ng mga pulis sa Gen. Santos City.

Noong nakaraang Abril tinarget na ipadeport ang 71-taong Australyanong madre na si Sr. Pat. Ayon kay Duterte siya mismo ang nag-utos na hulihin ang madre dahil isa itong “*undesirable alien*”. Sa 27 taon nito sa bansa, tinupad ni Sr. Pat ang kanyang debosyon sa pamamagitan ng pagsilbi sa hanay ng mga magsasaka, katutubo at mga manggagawa. Kasama din si Sr. Pat sa delegado ng IFFSM.

Sa tala ng Karapatan, mula July 2016 hanggang June 2018, umabot na sa 163 ang biktima ng EJK kung saan 136 ay mga magsasaka. Naitala din ang 1,599 na biktima ng iligal na pag-aresto, 351 biktima ng iligal na detensyon, 356,964 na biktima ng pambobomba at 432,380 biktima ng pwersahang paglikas. Naidokumento rin ang 1,184 biktima ng sapilitang pagsuko.

Nasa piitan pa rin ang 503 mga bilanggong politikal kabilang ang 38 matatanda at 118 may karamdaman. Nakakulong din ang anim na *consultants* ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na dapat ay sakop ng kasunduang Joint Agreement on Security and Immunity Guarantees (JASIG) habang wala namang deklarasyon na kinakansela na ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at gobyernong Duterte.

Sinasayang ni Duterte ang mga naipundar na sa usapang pangkapayapaan sa bansa – ang isa sa pagitan ng Bangsamoro at gobyerno ng Pilipinas (GRP) at ang isa sa pagitan ng NDFP at GRP. Sa kabila ng pangakong mapipirmahan ang Bangsamoro Basic Law (BBL), nagpapatuloy ang paglaban ng mga Moro sa Mindanao dahil alam nilang malabnaw ang batas na ito at hindi pa rin sasagot sa ugat ng kanilang mga problema. Sa ikatlong pagkakataon naman muling ipinagpaliban ng administrasyong Duterte ang dapat sana’y ika-5 *round* ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP. Sa halip, nagpapakawala ang GRP ng kanyang pwersang militar sa kanayunan para durugin ang mga rebolusyonaryong pwersa at mga komunidad.

Naka-iskedyul na sanang mapipirmahan ang ilang mga kasunduan kabilang ang kasunduan sa Agrarian Reform and Rural Development (ARRD) at Interim Peace Agreement (IPA) sa pagitan ng dalawang panig kung natuloy ang pormal na pag-uusap noong Hunyo. Kinansela diumano ni Duterte ang naka-iskedyul na byahe ng dalawang panig para mabigyan siya ng oras na

balikan at aralin ang mga dokumentong pipirmahan. Subalit hindi maikakaila ang militaristang tindig ng rehimeng Duterte na ayaw naman talaga ng usapang pangkapayapaan, at gustong tuloy-tuloy lamang na ipatupad ang opensibang militar.

Pilit ding itinutulak n gobyernong Duterte na ilipat ang lugar ng pag-uusap dito sa bansa sa halip na sa isang nyutral na benyu na pinangangasiwaan ng isang *third-party facilitator*. Ito ay para matiyak na makontrol, mamaniplua at masubaybayan ng militar ang mga kasapi sa negosasyon. Lumalabas na tanging ang kapitulasyon at pagsuko ng Communist Part of the Philippines (CPP)-NPA-NDF ang hangad ng rehimeng Duterte.

Noong nakaraang taon pa man ay kwestyonable na ang kagustuhan ni Duterte na magbunga ang usapang pangkapayapaan. Inilabas nya ang Proclamation 374 na nagtataguri sa CPP-NPA at 600 indibidwal bilang mga terorista.

Ang sentrong usapin sa usapang pangkapayapaan ay ang mga reporma para sa tunay na pang-ekonomiko at panlipunang pag-unlad ng bansa, at dulot nito, ang pagresolba sa ugat ng labanan. Malaki ang ganansya ng mamamayang Pilipino kung napag-usapan at napagkasunduan ang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER). Subalit hindi ito ang prayoridad ng gobyernong Duterte kundi ang simpleng pasukuhin ang mga rebolusyonaryo.

Matapang lamang si Duterte sa mahihirap at walang kapangyarihan. Pero sa totoo bahag ang kanyang buntot at takot na maaalis sa pwesto. Panay himas sa militar at pulis sukdulang bilhin nya ang katapatan ng mga ito sa pamamagitan ng pagdoble ng kanilang mga sahod.

Pinatunayan lamang ni Duterte na hindi siya para sa kapayapaan at walang pagbabagong ihahatid ang kanyang rehimen kung hindi ang paglala ng kalagayan ng sambayanang Pilipino.

8 Ano nga ba ang mga salik para magkaroon ng tunay na pag-unlad ang bansa?

Isang lakas na maituturing ng masang Pilipino ang kanilang organisadong pwersa na may mayamang kasaysayan ng pakikibaka para sa tunay na pagbabago. Sa kasaysayang ito, napatunayan na ang pagbabago ay nagmumula sa kanilang pagkilos para baguhin ang kalagayan.

Sa harap ng pandarahas ng estado hindi natitinag at patuloy na nilalabanan ng mamamayan ang tiranya ng administrasyong Duterte.

Sa tindi ng atake sa kabuhayan at sahod, kumikilos ang mga manggagawa sa iba't-ibang bahagi ng bansa para ipaglaban ang kanilang mga demokratikong karapatan. Bunsod ng kontraktwalisasyon, mababang pasahod, hindi makataong kalagayan sa pagawaan at ilegal na pagtanggap sa trabaho, hindi bababa sa walong mga pagawaan sa buong bansa ngayon ang nakawelga kabilang ang NutriAsia, Albert Smith, Middleby, Coca-Cola Sta. Rosa, Sumifru, Rotto/Fresh Max, Shin Sun Tropical Fruits at Coca-Cola Davao. May lima pang ibang mga pabrikang nakakampuhan at nakapiket ang mga manggagawa dahil din sa parehong mga usapin.

Hinuubaran ng mga welgang ito ang anumang posturang kontra-kontraktwalisasyon ni Duterte. Ang mga pagkilos na ito ay pagpupunyagi ng mga manggagawa hindi lamang para sa disentang pamumuhay at para sa mga karapatan, kundi laban sa mga neoliberal na patakarang ilang dekada nang nagpapahirap sa kanila.

Tuloy-tuloy pa rin ang bungkalan ng mga magsasaka at kanilang paglaban sa mga paglabag sa karapatang pantao ng mga lider at kasapi ng mga organisasyong magsasaka.

Walang patlang ang paglalantad ng maralitang lungsod sa bulok na programa sa pabahay ng pamahalaan at paggigiit para sa trabaho at disentang sahod, sa harap ng samu't saring paninirang ipinupukol sa kanilang sektor.

Gayundin, hindi natitinag ng mga pahayag ni Duterte ang paglaban ng kababaihan sa macho-pasismo nito.

Kasabay ng paglalantad at paglaban sa mga anti-mamamayang patakaran at hakbang ng rehimen, dapat ding patuloy na bitbitin at itambol ng mga organisadong pwersa ang alternatibo para sa tunay na pag-unlad ng bansa.

Higit kailanman ay kailangan ng bansa ang epektibong mga alternatibo. Walang pag-unlad na naganap sa bansa sa apat na dekada ng neoliberalismo. Bumagsak ang produksyon, walang naitayong mga baseng industriya, at naging ekonomiyang pang-serbisyo na lamang ang bansa. Hindi umunlad ang manupakturang para lamang sa eksport.

Laganap ang kawalan ng hanapbuhay at ang kahirapan sa bansa. Sapat na patunay na ito na bulok at walang silbi para sa mamamayan ang neoliberalismong nasa ubod ng Dutertenomics.

Ang pag-unlad ng bansa kung gayon ay nangangahulugan ng pagtalikod sa neoliberalismo. Dapat ding basagin ang dominasyon ng dayuhang monopolyo kapitalista, burgesya komprador at panginoong maylupang nagpapanatili sa kasalukuyang kalagayan ng mga mamamayan.

Dapat buuin ang pundasyon ng pambansang ekonomiya sa pamamagitan ng repormang agraryo at pagpapaunlad sa rural na ekonomiya. Dapat tiyaking may lupa ang mga magsasaka at tuldukan ang mapagsamantalang ugnayan sa produksyon. Sa pagpapataas ng kita ng mga nasa kanayunan, lalapad ang lokal na merkadong may kakayahang bumili ng produkto ng bansa. Dapat na makapagpasulpot ng rekurso para sa agrikultural at industriyal na pag-unlad.

Kasabay nito ang pagtataguyod ng pambansang industriyalisasyong ang prayoridad ay tugunan ang pangangailangan ng mga mamamayan. Luugnay nito ang agrikultura sa industriya, lilikha ng pangmatagalang hanapbuhay at mas mataas na sahod, produktibidad at kapital. Pauunlarin din nito ang agham at teknolohiya.

Dapat itaguyod ang karapatan ng mga manggagawa at maghatid ng serbisyonang panlipunan. Dapat tiyaking maproteksyunan ang kalikasan para sa pangmatagalang pag-unlad.

Dapat na maging sentro nito ang mga mamamayan at tiyaking nagsisilbi ang ekonomiya para sa kanilang pangangailangan at karapatan.

Posible ang ekonomiya ng mamamayan at hindi isang pangarap lamang. Nangangailangan ito ng matatag na gobyernong nagsasarili at makabayan na babalikwas sa kasalukuyang kaayusan. Malinaw na hindi ito ang gobyerno sa ilalim ni Duterte at kung gayon ay dapat gamitin ang sama-samang lakas upang mapanday, maitatag at maitaguyod ang gobyernong ito.

